De La Salle University – Dasmariñas

**PAMANTASANG DE LA SALLE – DASMARIÑAS**

Dalubhasaan ng Malalayang Sining at Komunikasyon

Kagawaran ng Sikolohiya

# Mga Pag-uugali at Pagkatao ng mga Piling Drayber sa Dasmariñas, Cavite at ang Kaugnayan nito sa Self-Actualisation

Isang Sulating Pananaliksik na Iniharap sa

Dalubhasaan ng Malalayang Sining at Komunikasyon

Pamantasang De La Salle – Dasmariñas

Dasmariñas, Cavite

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa Pangangailangan

Para sa Katibayan ng Pagtatapos ng Kursong

Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Calderon, Eufracio Jr. S.

Dimalibot, Arianne B.

PSY41

Marso 2014

## ABSTRAK


| | | |
|---|---|---|
| **Pangalan ng Institusyon** | : | Pamantasang De La Salle – Dasmariñas |
| **Lokasyon** | : | Dasmariñas, Cavite |
| **Pamagat** | : | Mga Pag-uugali at Pagkatao ng mga Piling Drayber sa Dasmariñas, Cavite at ang Kaugnayan nito sa Self-Actualisation |
| **Mga Mananaliksik** | : | Eufracio S. Calderon Jr.<br>Arianne B. Dimalibot |
| **Halaga** | : | Php 7,890.00 |
| **Nagsimula** | : | Agosto 2013 |
| **Nagtapos** | : | Enero 2014 |

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Ano-ano ang mga nangibabaw na Pag-uugali at Pagkatao ng mga piling drayber sa Dasmariñas, Cavite gamit ang Panukat ng Pag-uugali at Pagkatao?
2. Ano ang antas ng mga iskala ng Self-Actualisation ng mga piling drayber sa Dasmariñas, Cavite gamit ang Personal Orientation Inventory?
3. Mayroon bang signipikong kaugnayan ang mga nangibabaw na Pag-uugali at Pagkatao ng mga piling drayber sa Dasmariñas, Cavite sa iskala ng Self- Actualisation?

**Saklaw at Limitasyon**

Sa pag-aaral na ito, ang pagkalap ng datos ay isinagawa tuwing Martes, 10:00 ng umaga hanggang hapon. Ang mga kalahok ay nagmula sa bayan ng Dasmariñas na pinili nang naaayon sa batayan ng mga mananaliksik: (1) may edad 30 pataas, (2) limang taon o higit pa bilang drayber, (3) hindi pagmamay-ari ang ginagamit sa pamamasada, (4) kumikita ng Php 400 – Php 600 kada araw at, (5) ang ruta o destinasyon ng mga drayber ay nagmumula sa bayan ng Dasmariñas. Ang naging resulta ay limitado lamang sa relasyon ng PUP at POI na siyang sinukat sa pag-aaral. Ang naging kongklusyon at rekomendasyon ay para sa napiling kalahok lamang at hindi para sa lahat ng drayber sa Cavite o sa buong Pilipinas.

**Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng korelasyonal na pag-aaral upang tukuyin ang relasyon ng Pag-uugali at Pagkatao ng mga drayber sa kanilang antas ng Self-Actualisation. Ang napiling kalahok sa pag-aaral na ito ay 30 drayber na napili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Panukat ng Ugali at Pagkatao (PUP) at Personal Orientation Inventory (POI) para makalap ang mga impormasyon ukol sa mga baryabol. *Supervised-Administration Instrument* ang ginamit ng mga mananaliksik upang makakalap ng datos dahil sa kakulangan sa oras at lugar. Gumamit naman ng *mean* ang mga mananaliksik upang bigyan ng kuwantitatibong datos ang mga impormasyong nakalap at gumamit naman ng *Pearson-r* upang tukuyin ang signipikong kaugnayan ng dalawang baryabol.

**Buod ng mga Resulta**

1. Ang pinakamataas na nangibabaw na Pag-uugali at Pagkatao ng mga piling drayber sa Dasmariñas, Cavite ay ang Pagkamagalang na sinundan ng Pagkamahiyain at Tigas ng Ulo. Sinundan naman ito ng mga bahagyang nangibabaw gaya ng Pagiging segurista, Pagiging mapagkumbaba, Pagiging responsable, Pagiging mapagbigay, Pagiging sunud-sunuran, Pagkakaroon ng ambisyon, at Pagiging palaaway. Natamo din ng mga drayber ang istandard na Pag-uugali at Pagkatao ng mga Pilipino na pagkakaroon ng Katiyagaan.
2. Mababa o "*below standard*" ang antas ng Self-Actualisation ng mga piling drayber sa Dasmariñas, Cavite.
3. Ang mga nangibabaw na Pag-uugali at Pagkatao ng mga drayber sa Dasmariñas, Cavite ay may signigpikong kaugnayan sa subskala ng Self-Actualisation.

**Kongklusyon**

Base sa resultang nakalap, ang mga mananaliksik ay nakapagtala ng mga sumusunod na kongklusyon:

1. Mga positibong Pag-uugali at Pagkatao pa rin na ipinapakita ang mga piling drayber sa kanilang trabaho lalong-lalo na sa mga taga Dasmariñas, Cavite. Lumalabas lamang ang mga negatibong katangian nila tuwing sila ay nagigipit sa isang sitwasyon.

2. May mga bagay pa na kailangang alamin o malaman ang mga drayber sa kanilang sarili na maaaring tumukoy sa kanilang pangangailangan na siyang maghahatid sa kanila upang maabot nila ang antas ng pagiging Self-Actualising na tao.
3. Hindi man masasabing Self-Actualising na tao ang mga piling drayber sa Dasmariñas, Cavite, may ilang bahagi pa rin sa kanilang Pag-uugali at Pagkatao ang makakatulong sa kanila upang marating ang antas ng Self-Actualisation.

**Rekomendasyon**

Mula sa buod at kongklusyon ng pag-aaral na ito, narito ang mga rekomendasyon mula sa mananaliksik:

1. Para sa mga Drayber. Bigyan sila ng seminar o oryentasyon upang mas maunawaan nila ang kanilang sarili kung ano ba talaga ang nais nila sa kanilang buhay.
2. Para sa mga Guro ng Sikolohiyang Pilipino. Mula sa resulta ng pag-aaral, magiging basehan ito upang magamit sa diskusyon sa loob ng silid-aralan bilang halimbawa sa Sikolohiyang Pilipino sa katauhan ng mga drayber.
3. Para sa Sikolohiyang Pilipino. Ang resultang nakalap ay magbibigay daan sa mas malawak o palawigin ang pang-unawa sa mga normal na indibidwal kagaya ng mga drayber.

4. Para sa mga mananaliksik. Dahil sa maikling panahon na nailaan para sa pananaliksik, maaaring mas marami pa ang populasyong ng mga kalahok at mas mapalawak ang sakop ng kuwalipikasyon ng mga kalahok sa pag-aaral.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

TALAAN NG NILALAMAN

Pamagat na Pahina ..... i

Katibayan ng Pagtanggap ..... ii

Abstrak ..... iii

Pasasalamat ..... vii

Talaan ng Nilalaman ..... x

Kabanata I – Ang Problema at mga Sanligan Nito

Introduksyon ..... 1

Konseptuwal na Balangkas ..... 3

Paglalahad ng Suliranin ..... 4

Pagpapalagay ..... 4

Kahalagahan ng Pag-aaral ..... 5

Saklaw at Limitasyon ..... 6

Depinisyon ng mgaTermnino ..... 7

Kabanata II – Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Bayan ng Dasmariñas, Cavite ..... 9

Ang Kasaysayan at ang Pag-uugali at Pagkatao ng mga Caviteño ..... 11

Ang 24 ng Subskala ng Panukat ng Ugali at Pagkatao (PUP) ..... 15

Pag-uugali at Pagkatao ng mga Drayber ..... 22

Pagkakaroon ng Self-Actualisation ..... 23

Ang Sampung (10) Subskala ng POI ........ 27

Katangian ng mga Taong Nakamit ang Self-Actualisation ........ 31

Kabanata III – Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik........ 35

Mga Kalahok at Paraan ng Pagpili ........ 35

Instrumentasyon ........ 36

Hakbangin ........ 38

Pamamaraan sa Pagsusuri ng Datos........ 38

Kabanata IV – Presentasyon, Interpretasyon at Pagsusuri

Unang Layunin ........ 39

Ikalawang Layunin ........ 48

Ikatlong Layunin ........ 55

Kabanata V – Buod, Kongklusyon at Rekomendasyon

Buod ........ 63

Kongklusyon ........ 64

Rekomendasyon ........ 64

Talaan ng Reperensiya ........ 66

Apendiks

A. Katibayan ng Pagtanggap ng Tagapayo........ 69

B. Katibayan ng Pagtanggap ng mga Panel ........ 70

C. Katibayan ng Pag-Eedit ........ 71

D. Katibayan mula sa *Statistician*........ 72

E. Katibayan ng Pag-*Validate* ng Instrumento ........................................ 73

F. Katibayan ng Pagsalin ng POI ........................................................ 74

G. Kopya ng *Informed Consent* ........................................................ 75

H. Iskala at Subskala ng PUP ........................................................ 76

I. Iskala at Subskala ng POI ........................................................ 77

J. Unang Pagsusulit: Panukat ng Ugali at Pagkatao (PUP) .................... 78

K. Ikalawang Pagsusulit: Personal Orientation Inventory (POI) ............. 86

L. Talahanayan ng Resulta ng PUP........................................................ 94

M. Grap ng Resulta ng POI ........................................................ 95

N. Talahanayan ng *Pearson R* ........................................................ 96

O. *English Version* ........................................................ 97

P. *Acceptance for Presentation Letter* ................................................ 104

Q. Kopya ng *Proceedings* ........................................................ 105

R. Larawan sa Indonesia ........................................................ 106

S. *Certificate as Oral Presenter*........................................................ 108

*Curriculum Vitae* ng Mananaliksik